San Diego Unified School District

EUGENE BRUCKER EDUCATION CENTER
4100 Normal Street, San Diego, CA 92103-2682

Terry B. Grier, Ed.D.
Superintendent

Setiyembre 2008

Mahal na mga Magulang at Tagapag-alaga:

Maligayang pagbabalik para sa paaralang taong 2008-09! Bilang kapamilya ng ating mga mag-aaral, kayo ang susi sa matagumpay na panimula ng isa na namang kahanga-hangang taon ng pag-aaral. Sa ngalan ng ating mga guro, mga punong-guro, mga kawaning katulong at mga nangangasiwa, ako'y nagpapasalamat sa paghahanda ng inyong anak sa una at bawa't mga sumusunod na araw ng pag-aaral.

Umaasa akong nasiyahan kayo sa tag-init. Sa panahong ito, ang mga kawani ng distrito ay nagsisikap sa paghahanda para sa simula ng pag-aaral. Ipinagpapatuloy namin na pangasiwaan ang mga kasagutan sa mga pagputol sa pondo habang hinihintay namin ang pagpapatibay ng huling badyet ng estado. Kahit walang katiyakan, ipinagmamalaki ko ang lahat ng ating kawani sa kanilang kakayahan sa pagpapatuloy na bigyang halaga ang mga bagay na kailangan, ang pag-aaral ng mga bata.

Sa ating pagsimula ng bagong paaralang taon, ibig kong ibahagi ang ilang nakakaagting na balita tungkol sa nagawa ng mga mag-aaral sa paaralang taong 2007-08. Ipinagmamalaki kong iulat na ang ating mga mag-aaral ay nagpakita ng kahanga-hangang pakinabang sa halos lahat ng antas ng baitang sa 2008 Standardized Testing and Reporting (STAR) Program. Sa Sining ng Wikang English, ang nagawa ay bumuti sa lahat maliban sa dalawang antas ng baitang, at ang pakinabang ay kapunapuna sa baitang 6, 8, at 9. Sa matematika, ang nagawa ay bumuti sa lahat maliban sa isang antas ng baitang, na kapuna-puna ang pakinabang sa baitang 4 at 8. Sa buong distrito, ang marka sa Sining sa Wikang English ay mataas sa 2 kabahaging puntos, ang marka sa matematika ay tumaas sa 3.

Ang nagawa ng mga mag-aaral sa agham ay nararapat na hangaan. Sa lumipas na tatlong taon, ang mga mag-aaral sa baitang 5, 8, at 10 ay nakagawa ng pangkalahatang 11 puntos na pakinabang. Buhat ng 2006, ang marka sa ika-8 at 10 baitang ay tumaas ng bawa't 20 at 21 kabahaging puntos. Ang lahat ng markang ito ay naglalarawan ng patuloy na patungong pagtaas.

Itong mga paghusay sa pag-aaral ay mangyayari lamang sa pamamagitan ng pagsisikap at pagpupunyagi ng mga guro, punong-guro at kawani ng distrito sa pagsasamahan ng mga magulang at tagapag-alagang ginagawang pangunguna ang pag-aaral sa bahay.

Sa pagtanaw sa hinaharap, ang Board of Education ay naglagay ng Proposition S sa halalan sa ika-4 ng Nobiyembre. Ang **Proposition S**, isang 10-taong panlutas na kasunduan, ay isang kabuuan ng Mahabang-Balangkas ng Kaginhawahang Paglilingkod ng distrito. Kapag napagtibay ng 55% ng mga mamboboto, ang kasunduan ay:

- Magbibigay ng halos $2.1 bilyon sa pagkumpuni at pagsasa-ayos ng ating mga paaralan;
- Magbibigay ng mga makabagong silid-aralan at pagtuturo sa teknolohiya na kailangan ng mga mag-aaral ng 21-taong siglo sa pag-aaral at pagtuturo;
- Pahabain ang kasalukuyang halaga ng buwis ng Proposition MM na $66.70 bawa't $100,000 ng natasahang halaga ng mga ari-arian para sa karagdagang 15 taon, mula 2029, magiging 2044;
- Pahintulutan ang ating distritong magtayo ng mga magagawa ng Proposition MM sa pamamagitan ng puhunang pagbabago na hindi pinupundohan ng Porposition MM.

Hinihikayat ko kayong pag-aralan ang tungkol sa Proposition S sa pagbasa ng kaalamang nakalakip sa sulat na ito. Ang karagdagang kaalaman ay matutunghayan din sa www.sandi.net/PropS.

Salamat sa karangalang mapaglingkuran ang inyong mga anak. Hinahangad ko ang isang matagumpay na paaralang taon.

Buong katapatan,

Terry B. Grier, Ed.D.
Tagapamahala

San Diego Unified School District
Fact Sheet

Proposition S at Mahabang Balangkas ng mga Gusali
Long-Range Facilities Master Plan

Ang San Diego Unified School Distrito ay mayroong mahigit na 200 paaralan, ang karamihan ay naipatayo sa nakalipas na 20-50 taon. Kalahati ng ating mga gusali ay mahigit na 45 taon nang naitayo. Kailangan natin ang pagsasaayos ng mga gusali upang makatupad sa kasalukuyang pangangailangan sa pag-aaral, suportahan ang 21 siglo ng pagtuturo at pag-aaral, at tiyakin ang isang ligtas, matiwasay at malusog na kapaligiran para sa ating mga mag-aaral at kawani. Sa ika-23 ng Hulyo, 2008, ang Board of Education ay nagpatibay ng paglagay ng isang pangkalahatang katungkulan (general obligation - GO) sa kasunduang panlunas na balota para sa ika-4 ng Nobiyembre, 2008, pambansang halalan upang tulungan ang pagpondo sa mga pagbabagong ito.

Ang nabanggit na **Proposition S**, ang 10-taong kasunduang panlunas ay isang malaking kabuuan ng Long-Range Facility Master Plan ng distrito. Kapag nakapasa, ang kasunduan ay:

- pakikinabangan ng lahat ng mag-aaral at paaralan ng SDUSD;
- magbibigay ng halos $2.1 bilyon sa mga malalaking hindi nagawang pagpapaayos sa distrito;
- pahintulutan ang distritong gumawa sa mga tatapusin ng Proposition MM sa paggawa ng mga labis na kailangang pagsasaayos na hindi pinundohan ng Proposition MM;
- pahabain ang kasalukuyang halaga ng buwis ng Prop. MM ($66.70 bawa't $100,000 natasahang halaga ng mga ari-arian), na matatapos sa 2029, magiging 2044. [Ang distrito ay tangkang ayusin ang iminungkahing kasunduan upang ang inaakalang magkasamang halaga ng buwis na kailangan bayaran ang lahat ng kasunduan ng distrito, kabilang ang kasunduang Proposition MM, ay hindi tataas bilang kinalabasan ng pagbibigay ng iminungkahing kasunduan – ang napagtibay na kasunduang kapasiyahan ng SDUSD Board]

Kasalukuyang binabago ng distrito ang ating Long-Range Facility Master Plan. Ang departamentong Facility Management ay nangangasiwa ng isang ganap na pag-aaral ng mga pangangailangan. Kanilang sinuri ang mga pipiliing paglalagyan ng pondo at nangasiwa ng malawak na panawagan sa mga tumutulong sa distrito na mamahagi sa kanilang natuklasan sa kanilang pananaliksik; pag-usapan ang mga gastos, kabang pagkukunan at mga pangunguna; at humingii ng mungkahi. Ang panawagan ay kabilang ang:

- Umpukang pagpupulong sa mataas na paaralan (mahigit na 710 kasali, mahigit na 1400 oras ng kusang pagtulong ng mga hindi kawani ng distrito);
- Pagsiyasat na pagtatanong ng punong-guro (halos 170 ang bumalik);
- Ad Hoc Task Force ng Kasunduan (halos 25 pinili ng lupong kusang tumulong, anim na pulong ang idinaos);
- District Facilities Task Force (halos 50 kasapi, apat na pulong ang idinaos).

Tinatantiyang halos $5.5 bilyon ang hindi natupad sa pangangailangang panggusali. Ang pangangailangan ay patuloy na lumalaki dahil sa pagbabago ng mga programa sa pag-aaral (hal. ang bagong K-8 at magnet); pagbabago ng teknolohiya para sa ngayong pamantayan; katiwasayan/kaligtasang sistema ng pagbabago; pagbabagong batas para sa Mamamayang may Kapansanan; pagpapaayos at pagpapagawa sa mga kaayusan at pagpalit ng mga nasisirang gusali, atbp.

Mga natatagong yamang pagkukunan ay kabilang ang: kinikita ng mga labis na ari-arian, bayad ng pagpapagawa, pondo sa pagpapagawa, kinikita sa paupahang mga ari-arian, pondo ng Physical Plant Operations, pondo ng Paaralang Gusali ng Estado, at ang kasunduang GO kagaya ng kasalukuyang gagawin sa halalan sa Nobiyembre.

Malapit na nating marating ang pagtatapos ng matagumpay na 10-taong kasunduang programang Proposition MM na nagpondo ng mahigit na $1.5 bilyon sa pagbabago ng mga gusali. Noong naipasa ang Proposition MM, ito ay pinunduhan ng $1.5 bilyong buhat sa $4 bilyon sa kayamanang pangangailangan sa pagbabago.

Sa karagdagang kaalaman sa iminungkahing Proposition S, tunghayan ang http://www.sandi.net/PropS/.
Sa kaalaman sa iminungkaying programa sa kasunduang Proposition S, mga natapos ng Proposition MM, at ang Long-Range Facilities Master Plan; tunghayan ang http://www.sandi.net/facmgmt.htm. Maari rin ninyong tawagan si Bill Kowba, Chief Logistics Officer sa (619) 725-8191 o ang Facilities Management sa (858) 637-3603.